

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Lungsod ng Brampton kinilala ng Forbes bilang isa sa Pinakamabubuting Employer sa Canada sa 2022

BRAMPTON, ON (Enero 26, 2022) – Ang Lungsod ng Brampton ay kinikila ng Forbes bilang isa sa [Pinakamabubuting Employer sa Canada sa 2022](#).

Sa taon na ito, ang Lungsod ay nasa puwestong ika-98 sa 300, at ito ang pang-apat sa mga taon na magkakasunod na ang Lungsod ay nasasali sa talaan.

Nakipag-partner ang Forbes sa kumpanya ng market research na Statista para tipunin ang taunang talaan, sinu-survey ang higit sa 10,000 Canadian na nagtatrabaho para sa mga kumpanyang may higit sa 500 empleyado. Nire-rate ng mga kalahok ang kanilang mga organisasyon batay sa kanilang kahandaan na irekumenda ang mga ito sa kanilang mga kaibigan at pamilya. Hiniling din sila na mag-nomina ng mga organisasyon maliban sa kanilang sarili.

Mga Highlight ng Lungsod ng Brampton

- Noong Enero 2022, inilunsad ng Lungsod ng Brampton ang isang Flexible Work Program na sumusuporta sa pagiging flexible kung saan nagtatrabaho ang mga empleyado; kabilang ang mga opsyon para sa remote na pagtatrabaho, flex-time, pagbabahagi ng trabaho at mga linggo ng siniksik na trabaho. Ang programang ito ay bahagi ng Inisyatiba sa Modernisasyon sa Lugar ng Trabaho, na kinabibilangan ng pagpapalano ng espasyo para ma-accommodate ang mga opsyon ng flexible na trabaho at suportahan ang kolaborasyon.
- Sa 2020, itinatag ng Lungsod ang Economic Empowerment at Anti-Black Racism Unit nito para gumawa ng makahulugang aksyon laban sa Rasismo Kontra sa Black sa komunidad. Noong 2021, nagdaos ang Unit ng malawakang konsultasyon sa komunidad, mga kumperensya at mga event para masuportahan ang pagbuo ng plano ng limang taon na aksyon. Bumuo rin ang Lungsod ng panloob na Network ng Pagpapalahok sa Empleyadong Black (Black Employee Engagement Network), at naglunsad ng Black and Indigenous Youth Internship at Co-op Program sa performing arts, ang una sa uri nito Canada.
- Noong Disyembre 2020, inanunsyo ng Lungsod ang bagong [Equity Office para paglingkuran ang mga empleyado at mamamayan nito](#). Nakatuon ang Equity Office sa pagtukoy at pagtanggap ng mga balakid sa lugar ng trabaho at komunidad anuman ang lahi, ninuno, lugar na pinagmulan, kulay, etnikong pinagmulan, kapansanan, citizenship, pananampalataya, kasarian, sekswal na oryentasyon, gender identity, partnership sa kaparehong kasarian, edad, estado sa pag-asawa, estado sa pamilya, estado sa imigrasyon, pagtanggap ng pampublikong tulong, politikal na pagsanib, kinasasanibang relihiyon, lebel ng literasiya, wika, at/o estadong panlipunan-ekonomiya.

Mga Quote

“Hindi tayo makapaniwala na kilalanin ng Forbes na isa sa Pinakamabubuting Employer sa Canada para sa pang-apat ng magkakasunod na taon. Ang Brampton ay isang Lungsod na Mabuti ang

Pagpapatakbo, at ang ating mga Empleyado ay dedicated sa pagsuporta sa isang komunidad para sa ating mga residente na ligtas, sustenable at matagumpay. Ang pagkilala ng pagiging employer na pinipili para sa ating staff ay nagsasalita sa kanilang passion para sa ating komunidad, at pagkamit sa mga resulta para sa ating mga residente.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton ay isang Mosaic, at sa Lungsod patuloy nating pinapalaki ang nagsasalang puwersa ng manggagawa na naglalarawan sa ating diverse na komunidad. Tulad ng nasabing mga inisyatiba ng ating Equity Office, nagsisikap tayo na matiyak ang isang nagkakasundong kapaligiran para sa staff ng Lungsod at patas at pantay na pagtrato para sa lahat ng indibidwal para mahikayat natin ang pinakamahuhusay na mga kandidato, nang walang balakid. Ipinagdiriwang natin ang pagkilala muli ng Forbes bilang isa sa Pinakamabubuting Employer sa Canada.”

- *Harkirat Singh, Chair, Corporate Services; Konsehal ng Lungsod, Wards 9 at 10, Lungsod ng Brampton*

“Ang Lungsod ng Brampton ay patuloy na gumagawa ng mga hakbang para tanggalin ang mga balakid at gawing makabago ang ating lugar ng trabaho para ito ay patas at pantay para sa lahat. Ang ating mga empleyado ay maalab tungkol sa paglilingkod sa ating diverse na komunidad, at dedicated tayo sa paglikha ng mga oportunidad para sa kanila, habang sinusupportahan ang nagsasali at nagpapasiglang kultura sa lugar ng trabaho. Ipinagmamalaki natin na makilala ng Forbes bilang isa sa Pinakamabubuting Employer sa Canada para sa ikaapat ng magkakasunod na taon.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5, Vice-Chair, Corporate Services, Lungsod ng Brampton*

“Sa Lungsod ng Brampton, committed tayo sa pagtataguyod ng nagsasalang kultura na pinapasali, dini-debelop at pinapapurihan ang ating mga tao, batay sa pinagka-isahang commitment para ihatid ang ating Mga Prayoridad sa Termino ng Konseho. Ang ating team ng higit sa 6,000 empleyado ang dahilan na ang ating Lungsod ay isang magandang lugar na pagtrabahuhan. Isang malaking tagumpay na kilalanin ng Forbes at ang ating mga empleyado – nakaraan at kasalukuyan – para sa pang-apat ng magkakasunod na taon bilang isa sa Pinakamabubuting Employer sa Canada.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca